**Mga mahal na mga magulang at tagapangalaga,**

Nais namin anyayahankayong makiisa sa amin sa isang mahalagang usapin tungkol sa kaligtasan, pakikipag-ugnayan, at kagalingan o *well-being* ng mga kabataan.

Sa dartating na ika-2 hanggang ika-6 ng Pebrero, gaganapin ang **Vika6**, ang taunang linggo ng kalusugang sekswal sa mga paaralan at mga programang pambata sa Reykjavík. Sa linggong ito, binibigyang-diin ang edukasyon tungkol sa kalusugang sekswal at paglikha talakayang bukas, tapat, at naaayon sa edad. Ang edukasyong sekswal ay isa sa mga pangunahing paraan upang maiwasan ang sekswal na pang-aabuso. Ito ay laging nakabatay sa edad at pag-unlad ng mga bata, at naglalayong palakasin ang kanilang pagkilala sa sarili, itaguyod ang malusog na pakikipag-ugnayan at relasyon, at palakasin ang kanilang kamalayan sa sariling mga karapatan.

Ang **Jafnréttisskóli Reykjavíkur** (Paaralan ukol sa Pagkakapantay-pantay sa Reykjavík) ang namamahala sa pag-oorganisa ng linggong ito at naghahanda ng mga materyales sa edukasyon na magagamit ng mga kawani sa pagtuturo at pakikipagtrabaho sa mga bata at kabataan. Sa pagkakataong ito, ang tema ay **Kaligtasan at Karahasan**, ang usaping pinili ng mga kabataan ng lungsod sa pamamagitan ng elektronikong pagboto. Paulit-ulit na ipinahihiwatig ng kabataan sa lungsod na nais nila ng higit pang edukasyon tungkol sa mga hangganan (*boundaries*), pahintulot (*consent*), at pakikipag-ugnayan, gayundin kung paano tutugon kapag may nakakaramdam ng kawalan ng kaligtasan.

Ang Vika6 ay nakabatay sa mga rekomendasyon ng UNESCO para sa komprehensibong edukasyong sekswal, kung saan tinitingnan ang lahat ng aspeto ng kalusugang sekswal: pisikal, emosyonal, panlipunan, at mental.

Sa Vika6 ngayong taon, tatalakayin ang mga sumusunod:
**Kaligtasan at mga Hangganan:** pahintulot, pagtatakda at paggalang sa mga hangganan, at pagtukoy sa hindi maayos na pakikipag-ugnayan.
**Karahasan at Pang-aabuso:** kung paano ito nagaganap, paano tutugon, at kung saan hihingi ng tulong.
**Komunikasyon at Koneksyon:** pagkakaibigan, paggalang, iba't ibang uri ng pamilya at relasyon.
**Mga Karapatan ng Bata:** Ang Pandaigdigang Kasunduan sa mga Karapatan ng mga Bata, impluwensya ng social media, at pagkilala sa sariling boses.

Batid namin na ang paksang ito ay maaaring sensitibo at ang ilan ay nakararamdam ng pag-aalinlangan kapag pinag-uusapan ang edukasyong sekswal o karahasan at mga hangganan.

Malamang na marami sa atin ang nakakaalala na hindi laging madaling talakayin ang mga paksang ito noong tayo mismo ay bata pa. Ang aming layunin ay bigyang-lakas ang mga bata at kabataan upang sila ay maging mas responsable sa kanilang pakikipag-ugnayan at relasyon, at maramdaman nilang maaari silang laging lumapit sa atin—lalo na kapag sila ay hindi sigurado o o may mahihirap na katanungan—at malaman nilang nakahanda tayong makinig, magbigay ng suporta, at pag-usapan ang mga bagay na mahalaga sa kanila.

Hinihikayat namin kayong subaybayan ang edukasyong ito, makipag-usap sa inyong mga anak, at gamitin ang mga materyales na makikita sa website ng Jafnréttisskólinn: https://reykjavik.is/jafnrettisskolinn/vika6

Sa mga materyales na ito ay mayroon ding mga payo para sa mga kawani na maaari ninyong gamitin bilang mga magulang sa inyong pakikipag-usap sa loob ng inyong tahanan.

Ang mga magulang at tagapangalaga ay mahalagang katuwang sa edukasyong sekswal at inaasahan naming makatrabaho kayo sa paglikha ng mas ligtas at mas malusog na kapaligiran para sa ating mga kabataan.

**Lubos na gumagalang,**

Indíana Rós Ægisdóttir at Maríanna Guðbergsdóttir
Mga Tagapangasiwa ng Jafnréttisskólinn (Paaralan ukol sa Pagkakapantay-pantay)

Reykjavík